



County of San Diego

NICK MACCHIONE, FACHE
AGENCY DIRECTOR

HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH SERVICES
3851 ROSECRANS STREET, MAIL STOP P-578
SAN DIEGO, CA 92110-3134
(619) 531-5800 • FAX (619) 542-4186

WILMA J. WOOTEN, M.D.
PUBLIC HEALTH OFFICER

KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN

(Ang Isolasyon ng Lahat ng mga Tao na may o hinihilalang may COVID-19)

Ang pagkalat ng sakit na coronavirus 2019 (COVID-19) ay isang substansyal na panganib sa kalusugan ng publiko. Ang County ng San Diego ay kasalukuyang nasa ilalim ng idineklarang lokal na emerhensiya sa kalusugan at ang naproklamang lokal na emerhensiya dahil sa COVID-19 na pandemiko, at iprinoklama ng Gobernador ng Estado ng California na nasa estado ng emerhensiya. Lahat ay nasa panganib ng pagkakaroon ng sakit na COVID-19, ngunit ang ilang tao ay mas mahina sa malubhang sakit dahil sa kanilang edad o kasalukuyang kondisyon sa kalusugan. Upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 at maiwasan na mabalisa ang sistema ng pangangalaga sa kalusugan ng County ng San Diego, napakahalaga para sa Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Diego (Opisyal ng Kalusugan) na magkaroon ng isolasyon ang mga taong may dayagnosis o hinihinala na may COVID-19.

Ang Opisyal ng Kalusugan samakatuwid ang **KAUTUSAN** alinsunod sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California seksyon, 101040, 120130, 120175, 120215, 120220, at 120225:

1. Lahat ng mga tao na nasuri na may, o hinihinalang may COVID-19, ay kailangan magsagawa kaagad ng sumusunod:

- Ihiwalay ang sarili sa kanilang tahanan o sa ibang residente. Kung nabuklod sa isang nagtipun-tipon na lugar, hotel o maraming yunit na lugar, ang taong iyon ay hindi maaring pumasok sa ibang mga yunit sa loob ng lugar na iyon. Ang mga tao ay maaaring umalis lamang sa kanilang lugar ng isolasyon upang makatanggap ng kinakailangan na medikal na pangangalaga.
- Suriin nang mabuti at nang malapitan ang mga sumusunod na pangangailangan ng Opisyal ng Kalusugan at tagapagkaloob na medikal.
- Ang isang kopya ng Tagubilin ng Pagbuklod sa Tahanan ay makikita sa webpage ng COVID-19 ng County sa:
<https://www.sandiegocounty.gov/content/dam/sdc/hhsa/programs/phs/Epidemiology/COVID%20Home%20Isolation%20Instructions%20for%20COVID-19.pdf>.
- Abisuhin ang lahat ng mga tao na may malapitang pagsagi na kailangan nilang ma-quarantine ang kanilang sarili ng 5 araw pagkatapos ng huling pagsagi, tulad ng nakasaad sa kautusan sa Quarantine ng Opisyal ng Pamublikong Pangkalusugan.
 - Ang Kautusan ng Opisyal ng Pamublikong Kalusugan sa Quarantine ay makikita sa webpage ng COVID-19:
https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/phs/community_epidemiology/dc/2019-nCoV/health-order.html
 - Ang isang tao ay kinokonsidera na may malapitang pagsagi sa isang taong may, o hinihinalang may COVID-19, kung sa loob ng 48 na oras bago magsimula ang

sintomas ng isang tao (o, para sa asymptomatic na pasyente, 2 araw bago nakolekta ang nasuring specimen) at hanggang ang tao na iyon ay hindi na kinakailangan na mabuklod, sila ay:

- Nasa loob ng 6 na talampakan ng taong may o hinihinalang may COVID-19 para sa magkasunod na kabuuang 15 na minuto o higit pa sa 24-oras na peryodiko; o
 - Walang proteksyon sa pagsagi sa mga likido ng katawan at/o sekresyon (kasama ngunit hindi limitado sa naubuhan o nabahingan, pakikibahagi ng mga kubyertos o pinag-inuman sa parehong lalagyan) ng tao na may o hinihinalang may COVID-19.
- Hindi paglapit sa 6 na talampakan sa sinumang tao, kasama ang nagpapagamot na medikal na propesyonal, opisyal na nagpapatupad ng Kautusan na ito, kinatawan ng Opisyal ng Kalusugan, at ibang tao na tiyak na awtorisado ng Opsiyal ng Kalusugan, o isang tagapag-alaga.

2. **Mga indibidwal na kinakailangan mabuklod ang kanilang sarili dahil sila ay may, o hinihinalang may COVID-19. Kinakailangan kaagad ng isolasyon kung ang tao ay may mga sumusunod na pamantayan:**

- a. Ang kumpirmadong positibong pagsusuri sa dayagnostikong laboratoryo para sa COVID-19; o
- b. Sinyales o sintomas na pareho sa COVID-19 (ubo, kakulangan ng hangin o hirap sa paghinga, pagod, lagnat o panlalamig, sakit sa kalamnan, sakit sa ulo, sakit sa lalamunan, bagong kawalan ng panlasa at pang-amoy, congestion o tumutulong sipon, pagsusuka o pagduduwal o dayariya) o
- c. Ipinagbigay alam ng isang manggagamot ang indibidwal na sila ay may hinihinalang COVID-19.

Ang mga tao ay kinakailangan na mabuklod dahil ang tao na may o hinihinalang may COVID-19, ay mabilis na makahawa sa virus sa iba. Ang isolasyon ay naghhiwalay sa mga tao upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 at protektahan ang mga tao na may mataas na panganib sa malubhang sakit tulad ng mga nakatatandang adulto at mga tao na may kasalukuyang mga kondisyon sa kalusugan.

Ang tao ay makikibaka sa sinumang manggagamot o ibang tao na awtorisado ng Opisyal ng Kalusugan na magsagawa ng medikal na obserbasyon sa panahon ng isolasyon.

3. **Isolasyon sa ilalim ng Kautusan na ito, kahit anuman ang kalagayan ng kanilang pagkabakuna, ay ipagpapatuloy hanggang sa isa sa mga sumusunod ay nalalapat:**

- Ang Taong may Sintomas (na may kasamang paulit-ulit na pagsusuri)
 - Hindi bababa sa 5 araw ang nakalipas simula noong unang lumabas ang sintomas **AT**
 - Hindi bababa sa 24 na oras ang nakalipas mula noong huling lagnat (nang walang ginagamit na medikasyon na pampababa ng lagnat) **AT**
 - Isang negatibong inulit na diagnostic na pagsusuri (sa pamamagitan ng PCR o antigen) na kinuha sa ika-5 araw o lampas pa **AT**
 - Bumuti na ang iba pang sintomas.
 - Pagkatapos ng panahong ito, dapat gumamit ng mask sa loob ng 10 araw mula unang lumabas ang mga sintomas, at pati na rin ang anuman at lahat ng iba pang mga kautusan na may kaugnayan sa pagtatakip ng mukha, maliban na lang kung ayon sa nakalaan sa [Patnubay ng Paggamit ng Mga Panakip sa Mukha ng California Department of Public Health \(CDPH\)](#).
- Ang Taong may Sintomas (na walang paulit-ulit na pagsusuri)
 - Hindi bababa sa 10 araw ang nakalipas mula noong unang lumabas ang sintomas **AT**

- Hindi bababa sa 24 na oras ang nakalipas mula noong huling lagnat (nang walang ginagamit na medikasyon na pampababa ng lagnat) **AT**
- Bumuti na ang iba pang sintomas
- Ang Taong walang Sintomas (na may kasamang paulit-ulit na pagsusuri)
 - Hindi bababa sa 5 araw ang nakalipas simula sa petsa ng kanyang unang positibong resulta sa diagnostic na pagsusuri para sa COVID-19 **AT**
 - Isang negatibong inulit na diagnostic na pagsusuri (sa pamamagitan ng PCR o antigen) na kinuha sa ika-5 araw o lampas.
 - Kailangang magsuot ng mask hanggang sa ika-10 araw pagkatapos ng petsa ng kanyang unang positibong resulta sa diagnostic na pagsusuri para sa COVID-19, at pati na rin ang pagsunod sa alinman at lahat ng iba pang pangangailangan sa paggamit ng pantakip sa mukha maliban na lamang kung ayon sa nakalaan sa [Patnubay sa Paggamit ng Mga Panakip ng Mukha ng California Department of Public Health \(CDPH\)](#)
- Ang Taong walang Sintomas (na walang paulit-ulit na pagsusuri)
 - Hindi bababa sa 10 araw ang nakalipas simula ng petsa ng kanyang unang positibong resulta sa diagnostic na pagsusuri para sa COVID-19.

Hanggang sa ang panahon ng paghihiwalay ng sarili sa iba ay natapos, ang mga indibidwal ay hindi maaaring umalis sa kanilang mga lugar ng isolasyon o hindi maaaring pumasok sa anumang pampubliko o pribadong lugar, maliban kung tatanggap ng kinakailangan na medikal na pangangalaga o pagsusuri. Ang pagtatapos ng isolasyon alinsunod sa seksiyon na ito ay hindi nangangahulugang *mismo* ng isang pag-apruba sa pampublikong kalusugan para makabalik sa trabaho o makapasok sa paaralan.

4. **Ang mga empleyado sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi maaaring bumalik sa trabaho,** maliban na lamang sa mga sitwasyon ng hindi inaasahang kaganapan o mga panahon ng krisis, hangga't sila ay (tingnan ang [Pansamantalang Patnubay para sa Pamamahala ng Mga Tauhan sa Pangangalagang Kalusugan na Maryoong SARS-CoV-2 na Impeksiyon o Nalantad sa SARS-CoV-2 \(CDC\)](#) at kasalukuyang Mga CDPH All-Facility Letter):

- Kung walang sintomas, o kaya may banayad at bumubuting mga sintomas,
 1. 10 araw matapos ang pagsimula ng mga sintomas o, kung walang sintomas, ang unang positibong resulta sa diagnostic na pagsusuri para sa COVID-19, **O**
 2. Kung hindi napapanahon¹ sa pagkabakuna, 7 araw pagkatapos na magsimula ang mga sintomas, o, kung walang sintomas, ang unang positibong resulta sa diagnostic na pagsusuri para sa COVID-19, kung ang negatibong PCR o antigen na pagsusuri ay natanggap sa loob ng 24 na oras ng pagkabalik sa trabaho, **O**
 3. Kung napapanahon sa pagkabakuna, 5 araw pagkatapos ng pagsisimula ng mga sintomas, o, kung walang sintomas, ang unang positibong resulta sa diagnostic na pagsusuri para sa COVID-19, kung ang negatibong PCR o antigen na pagsusuri ay natanggap sa loob ng 24 na oras mula sa pagbalik sa trabaho.

¹ Ang mga tao ay itinuturing na [kasalukuyan at napapanahon](#) para sa COVID-19 ≥ 2 linggo pagkatapos na kanilang matanggap ang ikalawang dosis ng 2-dosis na serye (Pfizer-BioNTech o Moderna), o ≥ 2 linggo pagkatapos na kanilang matanggap ang isang-dosis ng bakuna (Johnson and Johnson/Janssen). Gayunpaman, kung **mahigit nang 6 na buwan** ang nakalipas simula nang nakatanggap ng ikalawang dosis sa isang 2-dosis na serye (Pfizer-BioNTech o Moderna), o **mahigit nang 2 buwan** ang nakalipas simula nang nakatanggap ng 1-dosis na serye (Johnson and Johnson/Janssen), **kailangan ng isang booster upang maituring na kasalukuyan at napapanahon.**

- Ang mga empleyado sa pangangalagang pangkalusugan na may matindi o kritikal na karamdaman ay hindi dapat bumalik sa trabaho hanggang sa
 1. 20 araw pagkatapos ng pagsisimula ng mga sintomas **AT**
 2. Hindi bababa sa 24 na oras ang nakalipas simula ng huling lagnat (nang walang ginagamit na medikasyon na pampababa ng lagnat) **AT**
 3. Bumuti na ang iba pang sintomas
 - Ang mga empleyado sa pangangalagang pangkalusugan na may katamtaman hanggang matinding kasaysayan ng mahinang immune system ay mangangailangan ng panloob na konsultasyon tungkol sa kalusugan sa trabaho bago makabalik sa trabaho, bilang karagdagan pa sa mga kundisyon na ito.
 - Puwedeng hindi sumunod sa mga kundisyong ito ang mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan na nakararanas ng hindi inaasahang mga kaganapan o kritikal na kakulangan sa mga manggagawa. Ang pagsasakatuparan ng sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ay nakadepende sa mga naaangkop na regulasyon ng California Department of Public Health at All-Facility Letters (AFL). Tingnan ang [Mga Estratehiya upang Mapabuti ang Sitwasyon ng Kakulangan ng Mga Tauhan sa Pangangalagang Pangkalusugan \(CDC\)](#)
5. **May iba pang limitasyong naaangkop para sa mga indibidwal na nakatira, nagtatrabaho o pumapasok sa paaralan sa ilang mga sitwasyon, kabilang ang mataas na panganib na pagtitipon ng kalagayan sa tirahan** at mga taong nagtatrabaho kasama ang mga pasyenteng lubhang mahina ang immune system. Bilang karagdagan pa sa alinman at lahat ng naaangkop na pang-estado at pederal na mga regulasyon, pag-aralan ang sumusunod na mga dokumento para sa karagdagang impormasyon:
- <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/if-you-are-sick/quarantine.html>
 - <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/fully-vaccinated-guidance.html>
 - <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/infection-control-after-vaccination.html>
 - <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CHCQ/LCP/Pages/AFL-21-08.aspx>
 - <https://www.dir.ca.gov/dosh/coronavirus/COVID19FAQs.html#vaccines>
 - <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/K-12-Guidance-2021-22-School-Year.aspx>
6. Ang paglabag, o hindi pagsunod, sa Kautusan na ito ay isang “misdemeanor” na paglabag sa batas na mapaparusahan ng pagkakulong, multa, o pareho (Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California seksyon 120275 at 120295). Ang Kautusan na ito ay maaaring ipatupad ng sinumang nagpapatupad ng batas sa loob ng lugar ng nasasakupan ng kanilang hurisdiksyon para sa layunin na pag-iwas sa pagkalat ng nakakahawa, nakaka-impeksiyon, o nalilipat na sakit (Kodigo ng Gobyerno ng California seksyon 26602 at 41601, at Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California seksyon 101029).

ITO AY INIUTOS.

Petsa: Enero 3, 2022

Wilma J. Wooten, M.D., M.P.H.
Opisyal ng Pamublikong Kalusugan
County ng San Diego